Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center

بطريركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطريرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

Ⲡⲁⲡⲁ ⲁⲃⲃⲁ Ⲡⲓⲱⲧ ⲃ̅

Ⲧⲁⲟⲩⲁⲇⲣⲟⲥ

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt
Tel: 024822580 Fax: 0235365880 email: office@popetawadros.org
222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر
تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Tagalog – Resurrection 2026

Sa Ngalan ng Ama ng Anak at ng Espiritu Santo, isang Diyos. Amen

Ekhristos Anesti. Alithos Anesti Si Kristo ay Nabuhay … Tunay Siya ay Nabuhay.

Binabati ko kayo, aking mga minamahal, sa lahat ng ating Simbahang Coptic Orthodox, mga monasteryo, at mga kumbento sa buong mundo, sa maluwalhating Kapistahan ng Muling Pagkabuhay ngayong taong ito, 2026. Binabati ko ang mga pari, mga metropolitan, mga obispo, mga tagapamahala ng monasteryo, mga matatandang lingkod, gayundin ang mga diakono at mga pinuno. Binabati ko ang mga kabataan at mga tagapaglingkod. Binabati ko ang mga bata at mga matatanda Binabati ko ang bawat pamilyang Kristiyano na naglilingkod sa bawat Ministeryo ng Simbahang Coptic. Sa loob ng ating mga simbahan, mga monasteryo, mga kumbento, at mga diyosesis. Binabati ko kayong lahat sa Kapistahan ng Muling Pagkabuhay. Ang Kapistahan na ito, na kung saan ay kasiyahan ng lahat ng kaligayahan at pista ng lahat ng kapistahan, ay tunay na pundasyon ng ating Kristiyanismo. Sapagkat, kung hindi dahil sa Muling Pagkabuhay ni Kristo, hindi natin Siya ipinagdiriwang bilang Tagapagligtas at Tagapagtubos ng buong sangkatauhan.

Tayo ay nabubuhay sa panahon na puno ng mga alitan at kaguluhan – Mga alitan na sumisira sa mga tao at mga bansa, na nakakaapekto sa buhay ng mga indibidwal at mga komunidad. At umabot sa bawat tahanan sa bawat lugar sa mundo. Kaya naman, sa pamamagitan ng Muling Pagkabuhay ng ating Panginoong HesuKristo, natagpuan natin kung ano ang wala sa atin - sapagkat ang mundo ngayon ay walang pag-asa. Paano magkakaroon ng pag-asa ang isang tao? Paano makakahanap ng pag-asa sa buhay na ito,na kung saan ay puno ng mga nakakabahalang balita sa bawat umaga at gabi? Makikita natin ang pag-asa na ito sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong Kristo, at itinuturing natin ang Muling Pagkabuhay na mensahe ng pag-asa para sa bawat isa – para sa bawat tao na nagagalak sa pananampalataya sa Panginoong HesuKristo.

Kapag hinahanap natin ang pag-asa na ito, makikita natin ang tatlong sukatan, na nagtuturo sa atin kung paano mabuhay kasama ang pag-asa na matatagpuan sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong HesuKristo.

Sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong Kriso, Una, tayo ay tinawag upang dalhin ang pag-asa. Ang tao na bumabangon kasama si Kristo, ay nagiging tagapagdala ng pag-asa – sa mga salita, sa buhay, sa pagpapahayag, sa pananaw, sa kaisipan, at sa pakiramdam. Dinadala niya ang pag-asa kapag siya ay nakatuon kay Kristo na Muling Nabuhay, at nakikita ang makapangyarihang mensahe: na ang mundo ay patuloy na pinamumunuan ng kamay ng Diyos. Nang ang Panginoong Kristo ay nabuhay sa bukang-liwayway ng Linggo, ang mga kababaihang may dalang mga samyo na nagtungo sa libingan ng napaka-aga, ay nagtataka kung sino ang nagpagulong ng bato ang katanungan na ito ang pumuno sa kanilang isipan, na para bang tinanong nila: May pag-asa ba sa Taong ito na namatay— Siya na ipinako sa Krus tatlong araw na ang nakalipas? May pag-asa ba? Kaya, nang ang anghel ay nagpakita sa mga kababaihan na ito, sinabi niya sa kanila, "Magmadali at sabihin sa Kanyang disipulo". (Mateo 28:7). Kaya, sila ay naging tagapagdala ng makapangyarihang mensahe ng pag-asa. Ang mensahe na ito ay binago ang mga kababaihan mula sa mga natatakot tungo sa mga tagapagpahayag. Na nagdadala ng balita ng Muling Pagkabuhay sa mga disipulo – at gayundin sa atin.

Ang pangalawang sukatan ay ito: ang isang tao ay hindi lamang dapat maging tagapagdala ng pag-asa, subalit isa ding tanda ng pag-asa – na nagtatanim ng pag-asa sa kaluluwa ng iba. Ito ay maaaring sa pamamagitan ng salita ng panghihikayat, isang gawain ng pagmamahal, isang pagbisita, o isang pagtawag sa telepono – ay pagtatanim ng pag-asa. Hayaan ang lahat ng inyong mga sinasabi ay mapuno ng pag-asa – pag-asa sa buhay. Ang dalawang disipulo na nasa daan patungo sa Emmaus ay naglalakad patungo sa bayan ng Emmaus, isang bayan na hindi kalayuan mula sa Jerusalem. Habang sila ay nasa daan, isang manlalakbay ang nagpakita sa kanila at nagsimulang kumausap sa kanila, at inakala nila na Siya ay isang estranghero, sila ay nakipag-usap sa Kanya, subalit hindi nila Siya nakilala. Ang buong pag-uusap nila ay puno ng mga katanungan: Ano ang nangyari? Ano ang balita? Sinabi ng mga disipulo na ang Isang ipinako sa Krus ay nabuhay! Ang mahiwagang balita ay nakarating sa kanilang lahat, subalit ng ang manlalakbay na ito ay lumapit at kinausap sila, nagsimula silang makaramdam ng kakaiba sa kanilang mga puso, bagamat hindi nila maunawaan, subalit ng sila ay nakarating na sa lugar at hinati Niya ang tinapay, ang kanilang mga mata ay nabukasan, at sinabi nila, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso?" (Lucas 24:32) nakaramdam sila ng kakaiba sa loob ng kanilang mga puso, na para bang si Kristo – ang estranghero na ito — ay nagtanim ng pag-asa sa loob nila at pinagtibay ito sa kanilang buhay. Gayundin, ikaw, minamahal, ay dapat magtatag ng pag-asa sa iyong pamilya – sa iyong kabiyak, sa iyong mga anak. At ikaw, tagapaglingkod, sa lahat ng antas ng

paglilingkod. At ikaw, pari, habang ikaw ay naglilingkod, kapag ikaw ay nangangaral, kapag ikaw ay bumisita sa mga tahanan, at sa tuwing ikaw ay nag-aalala sa iba – magtatag ng pag-asa. Huwag makilahok sa mga salita ng mga taong nagsasalita lamang ng tungkol sa mga problema, mga pagtatalo, at mga balita – sa halip, magtatag ng pag-asa.

Kaya naman: una, maging isang tagapagdala ng pag-asa. Pangalawa, maging isang tagapagtatag ng pag-asa.

At pangatlo, maging isang tagapagpahayag ng pag-asa.

Para sa pangangaral, sa pundasyon na ito, ay ang pagpapasa ng mensahe ng kaligayahan – ng Muling Pagkabuhay ni Kristo. Ang salitang "Ebanghelyo" ang ibig sabihin ay Mabuting Balita – Masayang Balita, O tulad ng sinasabi natin sa Ingles "Mabuting Balita" — Balita na nagdadala ng pag-asa sa pamamagitan ng Muling Pagkabuhay ni Kristo. Pagkatapos mong magtatag ng pag-asa sa mga taong nasa paligid mo, maging isang tagapangaral ng pag-asa sa lahat ng tao sa mundo. Ang mga disipulo ay labis na natakot, at ang silid sa atik ay nakasara, nakasarang mabuti, at napuno sila ng takot, subalit ng si Kristo ay nagpakita sa kanila at sinabi sa kanila, "Sumainyo ang kapayapaan" kaya ang mga disipulo ay nagalak ng makita nila ang Panginoon (Juan 20:20). Ito ang magandang larawan, ang mga natakot pagkatapos ng Pagpapako sa Krus, nang si Kristo ay nagpakita sa kanila at pinagkalooban sila ng kapayapaan… ay natanggap ang kapayapaan na ito. At dinala ang kaligayahan at pag-asa sa buong mundo, naging mga tagapangaral sa lahat ng mga bansa. Sinabi ni Kristo sa kanila, "Humayo sa mundo at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilikha" Kaya, ang mga disipulo ay naging tagapagdala ng pag-asa. Nang sila ay umalis ng Jerusalem pagkatapos ng pagdating ng Banal na Espiritu, at ng Pag-akyat sa Langit ng Panginoong HesuKristo, sila ay naging mga mangangaral — Pinapangaral sa lahat si Kristo na Muling Nabuhay: Si Kristo na nagligtas mula sa bawat sa kasalanan, at si Kristo na Tagapagtubos, na ang dugo ay lumilinis sa bawat kasalanan sa buhay ng bawat tao.

Sa kabuuan, aking mga minamahal, sa pagdiriwang mo ng Kapistahan ng Muling Pagkabuhay, maging isang tagapagdala ng pag-asa na ito, ang tagapagtatag ng pag-asa na ito, at isang tagapangaral ng pag-asa na ito sa iyong buhay. Hayaan na ito ang maging basehan ng iyong buong buhay – ang kaligayahan ng Muling Pagkabuhay.

Tayo ay manalangin para sa lahat, saanman, na sila ay magalak sa Muling Pagkabuhay ng Panginoong Kristo – hindi lamang bilang balita, subalit isang buhay na reyalidad. Tulad ng ating dinadasal sa Hatinggabi na Papuri: "Bumangon, O anak ng liwanag, purihin natin ang Panginoon ng mga hukbo". Ang mga anak ng liwanag ay ang mga

anak ng Muling Pagkabuhay. Muli, ipinapahayag ko ang aking pagbati sa lahat ng mga minamahal sa lahat ng Simbahang Coptic. Na nagdiriwang ng Kapistahan ng Muling Pagkabuhay ngayong araw. Binabati ko ang lahat, at tayo'y manalangin na ang mundo ay mapuno ng mensahe ng pag-ibig, at mensahe ng pag-asa. Tayo ay manalangin na protektahan ng Diyos ang bawat lugar mula sa mga masasama at kaguluhan, at pagkalooban ng lakas, karunungan at kaalaman, at patas na paghusga sa bawat opisyal sa bawat lugar.

Ipinapahayag namin ang aming pagbati sa inyo aming mga minamahal mula sa bayan ng Ehipto, mula sa Katedral ni Santo Marcos sa Abbasiya, Cairo. Ipinapahayag namin sa inyo ang pagmamahal ng bawat tao dito sa Ehipto. At sa lahat ng Pangangalaga ni Santo Marcos.

Ekhristos Anesti.. Alistos Anesti.. Si Kristo ay Nabuhay.. Tunay Siya ay Nabuhay…

Pamadras II